



Mga Tagubilin sa Aplikasyon ng Permit ng Pamublikong Kalusugan para sa MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATION (MEHKO)

Dibisyon ng Kalusugan sa Kapaligiran
Homebased Food Operations Program
5050 Commerce Drive, Baldwin Park, CA 91706-1423
www.publichealth.lacounty.gov/eh
homebasedfoods@ph.lacounty.gov | (626) 430-9855



Mangyaring punan nang lubusan ang bawat seksyon sa pamamagitan ng pag-print o pagkumpleto ng napupunang PDF. Sumangguni sa listahan ng mga kinakailangang dokumento na isusumite kasama ng aplikasyon na ito, at tagubilin para sa pagbabayad. Susuriin ang aplikasyon sa loob ng 20 araw na may trabaho.

1. I-type ang Petsa ng Pag-aplay

2. Impormasyon ng MEHKO

- a. Pangalan ng Negosyo
- b. Address ng Negosyo
 - i. Yunit (kung nalalapat), Lungsod, Zip Code
- c. Impormasyon ng May-ari ng Negosyo
 - i. Pangalan at Apelyido
 - ii. E-mail address
 - iii. Numero ng Telepono

3. Impormasyon sa Pagsingil (Billing)

- a. Lagyan ng tsek ang kahon kung gusto mong ipadala ang bill sa iyong **Address ng Negosyo**
- b. Lagyan ng tsek ang kahon kung gusto mong ipadala ang bill sa **ibang Address** na **hindi** address ng negosyo
 - i. Address
 1. Yunit (kung nalalapat), Lungsod, Estado, Zip Code

4. Impormasyon sa Bayarin (Hindi maibabalik o mailipat ang mga bayarin)

- a. Lagyan ng tsek ang kahon kung magbabayad ka para sa Paunang **Pagsusuri ng Aplikasyon (Initial Application Review)** para sa ^{ika-}1 pagsusuri sa kusina sa bahay, aplikasyon, pagsusuri ng Mga Standard Operating Procedure (Karaniwang Pamamaraan sa Pagpapatakbo), at pagsusuri ng menu (**Pang-isang beses na bayarin**)*
 - i. **Ang bayarin ay \$597**
- b. Lagyan ng tsek ang kahon kung magbabayad ka para sa isang bayarin sa **Pagsusuri sa Site** para sa mga pagbabagong ginawa sa menu o kagamitan (kung nakatanggap ka na ng pag-apruba). Ito ang bayad sa **kada oras**.
 - i. Ang bayad sa kada oras ay \$167
- c. **Tandaan:**Tatawagan ka para mag-iskedyul ng Pagsusuri sa Kusina sa Bahay. Kung naaprubahan ang kusina sa bahay, isang **bayarin sa Permit para sa Pamublikong Kalusugan ng MEHKO na \$347 ang i-invoice** sa operator. Ang bayarin sa Permit ay dapat bayaran sa loob ng **30 araw** pagkatapos ng pag-apruba sa kusina. [Huwag isumite ang iyong bayad para sa bayarin na ito hanggang sa makatanggap ka ng invoice.](#)

Kung hindi mo babayaran ang mga dapat bayaran, paglabag ito sa Pamagat 8-Proteksyon sa Consumer, Negosyo, at Regulasyon sa Sahod ng Los Angeles County Code at maaari kang makatanggap ng mga bayarin para sa parusa.

5. Paunang Pagsusuri ng Aplikasyon para sa Fee Waiver (Pagwawaksi ng Bayarin)

Nag-aalok ang Los Angeles County ng isang beses na fee waiver sa first come, first-serve na batayan nang hanggang 1,000 MEHKO permittee. Babayaran ng fee waiver ang paunang pagsusuri ng aplikasyon na \$597. Makukuha ang fee waiver hanggang Hunyo 30, 2026, o hanggang sa maubos ang pondo.

Paano ko malalaman kung kwalipikado ako para sa Fee Waiver?

- Walang MEHKO sa Lungsod ng Pasadena, Long Beach, o Vernon
- Ang **taunang kita** ng MEHKO permittee ay mas mababa sa \$50,000. Upang malaman kung magkano ang iyong **taunang kita**, ibawas ang kabuuang kita sa iyong mga gastos.
- Hindi kailanman nabigyan ng Permit para sa Pampublikong Kalusugan ng MEHKO sa Los Angeles County o nakatanggap ng fee waiver para sa bayarin sa paunang pagsusuri ng aplikasyon.

Kinukumpirma ko

- Sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsusumite ng seksyong ito ng Aplikasyon ng Permit para sa Pampublikong Kalusugan ng MEHKO, kinikilala ko na humihiling ako ng isang beses na subsidy ng MEHKO mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Public Health) Dibisyon ng Kalusugan sa Kapaligiran (Environmental Health Division, EH).
- Kinikilala ko na sasaklawin ng subsidy ang 100% ng \$597 na bayarin sa paunang pagsusuri ng Aplikasyon ng Permit para sa Pampublikong Kalusugan ng MEHKO.
- Kinikilala ko na HINDI sasaklawin ng subsidy ang anumang karagdagang pagsusuri sa site, karagdagang pagsusuri sa aplikasyon, o ang halaga ng Permit para sa Pampublikong Kalusugan.
- Kinikilala ko na hindi ginagarantiya ang pagtanggap ng kahilingan sa subsidy na maaaprubahan at mabibigyan ako ng permit sa MEHKO.
- Kinikilala ko na sasailalim ako sa mga kinakailangan ng Code sa Kalusugan at Kaligtasan ng California at dapat kumpletuhin ang proseso ng pag-apruba sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
- Ipinapahayag ko na kung mabibigyan ako ng subsidy, maaaring gamitin ang aking kuwento para sa mga layuning pang-promosyon at marketing upang ipakita ang mga tagumpay ng County.
- Kinikilala ko na kung mabibigyan ako ng subsidy ngunit nagpasyang hindi na ipagpatuloy ang MEHKO, sa gayon, mawawalan ako ng subsidy; walang ibibigay na pagbabayad sa pamamagitan ng pera akin.

Lagyan ng tsek ang kahon kung gusto mong mag-aplay para sa Fee Waiver ng Paunang Pagsusuri ng Aplikasyon ng MEHKO

Kung gusto mong mag-aplay para sa fee waiver, makinilyahin ang iyong Pangalan at Apelyido sa linya sa ibaba at mangyaring basahin ang pahayag:

Ako, si _____ (pangalan at apelyido) ay ipinapahayag sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang impormasyon sa itaas ay totoo

at tama. Nauunawaan ko rin na kung gagawa ako ng mga maling pahayag, maling representasyon, o magbigay ng mapanlinlang o hindi kumpletong impormasyon sa County para matanggap ang Subsidy, maaari akong, madiskwalipika mula sa programa, mapasailalim sa sibil na pananagutan at mga parusa, kakailanganing ibalik ang halaga ng subsidy, at maaaring hindi maisama o ma-ban sa paglahok sa iba pang programa ng County.

6. Mga Tuntunin ng Kasunduan

Sa pamamagitan nito, pinatutunayan ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang impormasyon sa itaas ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman at patatakbuin ang aking MEHKO bilang pagsunod sa mga kinakailangan na itinakda sa Code sa Kalusugan at Kaligtasan ng California.

Nauunawaan ko na maaaring makapagbenta ang mga MEHKO nang hanggang 30 pagkain bawat araw; hindi hihigit sa 90 pagkain bawat linggo at maaaring kumita nang hanggang \$100,000 taun-taon. Nauunawaan ko na maaaring magbenta ang mga MEHKO nang hanggang 80 pagkain bawat araw; hindi hihigit sa 200 pagkain bawat linggo at maaaring kumita nang hanggang \$150,000 taun-taon kung pinatatakbo kasama ng isang aprubadong Compact Mobile Food Operation.

Nauunawaan ko na ang Permit para sa Pampublikong Kalusugan ng MEHKO ay hindi naililipat at hindi maibabalik. Nauunawaan ko na maaari lamang isaalang-alang ang mga refund kapag labis ang nakolektang pondo, nagkaroon ng pagkakamali, o nagkaroon ng dobleng pagbabayad. Aabisuhan ko ang ahensyang ito sa pamamagitan ng sulat kung itinigil ko ang operasyon o binago ko ang billing address. Nauunawaan ko na ang hindi paggawa nito ay maaaring magresulta sa isang obligasyon na magbayad ng karagdagang parusa.

Nauunawaan ko na maaaring magresulta ang hind pagpapanatili sa kasalukuyang Permit para sa Pampublikong Kalusugan sa pagsasara ng MEHKO, alinsunod sa Los Angeles County Code, Code sa Kalusugan at Kaligtasan ng California, at/o mga naaangkop na lokal na ordinansa ng Lungsod.

Pagkatapos maibigay ang Permit para sa Pampublikong Kalusugan, pumapayag ako sa lahat ng kinakailangang inspeksyon na isinasagawa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, Dibisyon ng Kalusugan sa Kapaligiran.

Nauunawaan ko na ang anumang mga pagbabago sa aking naaprubahang mga operasyon, kabilang ang menu at kagamitan, ay dapat iulat sa Dibisyon ng Kalusugan sa Kapaligiran (Environmental Health Division) nang nakasulat bago ang pagbabago sa loob ng dalawampung (20) araw ng kalendaryo.

Kahon 1: Ilagay ang Pangalan ng Mga May-ari

Kahon 2: Ilagay ang Lagda ng Mga May-ari

Kahon 3: Ilagay ang Petsa

7. Mangyaring isumite ang mga dokumento sa ibaba kasama ng application na ito

- Kopya ng Pagkakakilanlan. Kasama sa pagkakakilanlan ang, lisensya sa pagmamaneho, pasaporte, o iba pang ID na inisyu ng gobyerno.
- Mga Standard Operating Procedure (Karaniwang Pamamaraan sa Pagpapatakbo) at menu
- Sertipiko ng Tagapamahala para sa Kaligtasan ng Pagkain

- (Mga) Food Handler Card para sa lahat ng empleyado, at/o indibidwal na kasama sa MEHKO (maaari itong isumite sa loob ng 30 araw ng pag-empleyo)
- Mga resulta ng pagsusuri para sa tubig-balon (kung naaangkop)

8. Pagsusumite:

- **Magsumite ng aplikasyon online:** sa Homebased Food Operations na Programa sa pamamagitan ng pagtawag sa 626-430-9855 o pag-email sa homebasedfoods@ph.lacounty.gov para makatanggap ng isang ligtas na e-mail.
- **Isumite nang personal ang aplikasyon sa:** 5050 Commerce Drive, Baldwin Park, CA 91706

9. Para sa mga Pagbabayad:

- Bayaran ang iyong Permit para sa Pampublikong Kalusugan kapag natanggap mo ang invoice
- Isama ang numero ng iyong invoice kung nagbabayad ka sa pamamagitan ng koreo
- Huwag magpadala ng pera sa koreo
- **Maaaring gawin ang mga pagbabayad online gamit ang:**
 - Credit Card (Visa, MasterCard, American Express, o Discover)
 - Debit Card
 - Electronic Check (ECheck)
 - May karagdagang bayarin na sinisingil para sa pagbabayad online.
- **Maaaring gawin ang mga pagbabayad sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo:**
 - Tseke, Cashier's Check, o Money Order
 - Magbayad sa County ng Los Angeles
 - Ilagay sa note line ng tseke na "MEHKO"
 - Ipadala sa:
 - Department of Public Health (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan)
 - 5050 Commerce Drive
 - Baldwin Park, CA 91706
- **Maaaring gawin sa Personal ang mga pagbabayad:**
- **Ang mga uri ng pagbabayad na tinatanggap nang personal ay:**
 - Cash, Tseke, Cashier's Check, o Money Order
 - Mangyaring magbayad gamit ang eksaktong halaga na dapat bayaran
- **Personal na magbayad sa Environmental Health Headquarters:**
 - Ang address ay: 5050 Commerce Drive, Baldwin Park, CA 91706
 - Oras ng Trabaho 8:00 a.m. hanggang 4:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes